SAGISAG NG PANGULO NG PILIPINAS

MALACAÑAN PALACE
MANILA

## MENSAHE

Kaisa ko ang sambayanang Pilipino sa pagdiriwang ng **Ika-120 Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas.**

Ang makasaysayang araw na ito ang nagsisilbing sandigan ng kasarinlang tinatamasa natin ngayon. Sa pamamagitan ng maalab na pagmamahal sa bayan ng ating mga ninuno, tayo ay lumaya mula sa pananakop ng mga dayuhan at napatunayan natin sa buong mundo ang ating pagkakaisa bilang unang Republika sa Asya.

Nawa ay maging daan ang pagkakaisa at kabayanihang ipinamalas ng ating mga bayani tungo sa mas makabuluhan at pangmatagalang pagbabago sa ating mga pamayanan. Ating iwaksi ang korapsyon, ilegal na droga at kriminalidad na humahadlang sa ating pag-usad bilang isang bayan. Sa pagbibigay-halaga sa kalayaang tinubos ng pawis at dugo ng ating mga bayani, nawa ay maging matatag tayo sa ating paninindigang mabigyan ng mas magandang kinabukasan ang lahat ng ating mga mamamayan—ano pa man ang estado nila sa buhay.

Bilang pagpupugay sa mga sakripisyo ng mga ninuno nating magiting na tumalima sa kanilang tungkulin sa bayan, magawa din sana nating maipagtanggol ang kahalagahan ng demokrasya ngayon at sa mga taon pang darating.

Mabuhay tayong lahat.

RODRIGO ROA DUTERTE

MAYNILA
12 Hunyo 2018

THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES